



**TORRANCE MEMORIAL**

A CEDARS-SINAI AFFILIATE

## Information Sheet para sa Tulong Pinansiyal/Charity Care

**Tumutulong sa mga Nangangailangan** - Napagtanto namin na magastos ang magpa-ospital. Upang matugunan ang pangangailangan ng mga pasyenteng may mababang kita, walang insurance at hindi sapat ang insurance, may programang tulong pinansiyal ang Torrance Memorial para sa full charity care o partial charity care upang makatulong sa pagbabayad.

**Pagiging Kuwalipikado** - Ang pagiging kuwalipikado para sa tulong pinansiyal ay batay sa ebalwasyon sa impormasyon ng kita at gastos. Maaari ding isama ang pananalapi sa anumang anyo. Dapat na maabot ng pasyente ang mga kuwalipikasyon at kumpletuhin ang aplikasyon para makuwalipika.

### Mga Antas ng Kuwalipikasyon sa Kita:

- **Mga Kuwalipikasyon para sa Full Charity** - Para sa mga pasyente na ang pampamilyang kita ay hindi aabot sa doble (200%) ng Federal Poverty Level, ang lahat ng kanilang bayarin ay kakanselahin.
- **Mga Kuwalipikasyon para sa Partial Charity** - Para sa mga pasyente na ang pampamilyang kita ay 201%-450% ng Federal Poverty Level, ang babayaran ng pasyente ay hindi hihigit sa karaniwang ibinabayad ng Medicare.

Pansinin: Ang mga indibidwal na nasa ilalim ng tulong pinansiyal ng Torrance Memorial ay hindi sisingilin ng mas mataas sa karaniwang ibinabayad ng Medicare.

### Aplikasyon para sa Programa ng Tulong Pinansiyal

- Personal- Maaaring ibigay sa iyo ang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong sa Main Admitting Department, Emergency Department o sa Patient Financial Service Department.
- Sa koreo- Para makakuha ng libreng kopya ng policy ng tulong pinansiyal at/o aplikasyon para sa tulong pinansiyal, tumawag sa 310 517-4765.
- Download - Maaari mo ding i-download ang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong mula sa aming website sa <http://www.torrancememorial.org/financialassistance>

**Sino ang Makakatulong o Makakasagot ng mga Katanungan?** Para ssa karagdagang impormasyon o tulong para sa pagkumpleto or pagkuwalipika para sa programa ng tulong pinansiyal ng Torrance Memorial, mangyaring tumawag sa aming financial counselor sa 310 517-4765.

**Paano Ko Isusumite Ang Aking Aplikasyon?** Maaari mong personal na isumite ang iyong aplikasyon para sa pinansiyal na tulong, o ipadala sa koreo. Ang aming Patient Financial Service Department ay matatagpuan sa:

**Torrance Memorial Medical Center  
Patient Financial Services Department  
3330 Lomita Boulevard, Torrance, CA 90505**

Oras ng Serbisyo: Lun-Bier 8 n.u. – 4:30 n.h. maliban kapag holiday.

**Programang Tulong ng Pamahalaan** - Para sa impormasyon sa programang tulong ng pamahalaan, mangyaring tumawag sa Medi-Cal o Healthy Families sa 800 880-5305.

**Lahat ng impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal ng Torrance Memorial Medical Center ay available at isinalin sa sumusunod na mga wika: Ingles, Espanyol, Korean, Japanese, Vietnamese, Tagalog at Chinese**